# Isang Kaibigan at Isang Missionary

**Hi!**
Ako si Juan Bautista, at ako ay taga Argentina.



**Pinaniningning ko ang aking ilaw sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo.**



1

### Matalik na Magkaibigan

Ako at ang matalik kong kaibigan na si Facundo ay magkakilala mula noong limang taong gulang pa lang kami. Mahilig kami pareho sa football! Niyaya ko siya sa maraming akitibidad sa Simbahan.



2

### Unang Tanong ni Facundo

Minsang kasama namin si Facundo sa hapunan, nagtanong siya, "Bakit laging nagdarasal ang pamilya ninyo?" Sinabi ko na dahil pinagpapala tayo ng Ama sa Langit, at sa ganitong paraan natin Siya napapasalamatan. Namangha siya!



3

### Family Home Evening

Dumalo sa family home evening namin si Facundo noong naghahanda ang kapatid ko na si Benjamin para sa binyag. Naramdaman ni Facundo ang Espiritu, at nagtanong kung maaari din ba siyang magpabinyag! Kinausap ng tatay ko ang mga magulang ni Facundo.

Tinuruan ng mga missionary ang pamilya ni Facundo. Tapos ay nabinyagan si Facundo at ang kapatid niyang si Augustine! Nagsisimba ang kanyang mga magulang, pero hindi pa sila nabibinyagan.





4

### Pangalawang Tanong ni Facundo

Tinanong ni Facundo ang aking nanay kung magiging pareho kami ng kaalaman tungkol sa Diyos. Ngumiti siya at sinabi na kung pag-aaralan niya ang mga banal na kasulatan at magdarasal, mas higit pa ang malalaman niya!

MGA LARAWANG KUHA NI ALEJANDRO GUTIERREZ; MGA LARAWAN SA BINYAG, MULA SA PAMILYA NI FACUNDO

### PAANO KAYO MAGNINGNING?

- Anyayahan ang isang kaibigan sa isang aktibidad sa simbahan o sa family home evening.
- Maging mabuting halimbawa ng kabaitan at pagmamahal.
- Magdasal para sa tulong at inspirasyon.

### PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!

Hiniling sa atin ni Jesus na "dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao" (Mateo 5:16). Paano mo pinaniningning ang iyong ilaw? Gumupit ng isang bituin at isulat ang inyong kuwento rito. Magpatulong sa magulang na i-email ang larawan ng iyong bituin, kasama ng kanilang pahintulot, sa liahona@ldschurch.org.